Republic of the Philippines
Department of Finance
Securities and Exchange Commission
SEC Bldg. EDSA, Greenhills, Mandaluyong City

OFFICE OF THE GENERAL COUNSEL

27 March 2008
SEC-OGC Opinion No. 08-10
Re: Dividends

GINOONG VICENTE C. RAMIREZ
Unidad, Cagwait
8304 Surigao del Sur

G. Ramirez:

Ito ay sagot sa inyong sulat na may petsang Nobyembre 19, 2007 kung saan kayo ay nagtatanong kung maari kayong makatanggap ng *dividend* mula sa Aras-Asan Timber Company, Inc. Kung inyong natatandaan, ang sulat ay inyong ipinadala sa Department of Justice (DOJ) ngunit ito ay inindorso dito sa amin sa Securities and Exchange Commission (SEC).

Ayon sa inyong salaysay, noong Disyembre 1972, binigyan kayo ng naturang kompanya ng *shares* na pinapatunayan ng inilakip ninyo sa inyong sulat na kopya ng *Stock Certificate No. 2400.* Noong taong 1973, nakatanggap kayo ng *dividend* na nagkakahalaga ng *Tatlumpu't Siyam na Piso at Labimpitung Sentimo (Php 39.17)* kada buwan. Sa taon ding iyon, binabawi ng kompanya ang nasabing *Stock Certificate* subalit hindi ninyo ito isinurender. Mula noon, hindi na kayo nakatangagap ng *dividend.*

Ayon sa ating batas, ang pwede lang pong tumanggap ng *dividend* mula sa isang korporasyon ay iyong mga *stockholders of record.* Ikaw ay isang *stockholder of record* pag ang iyong pangalan ay nakatala sa *Stock and Transfer Book* ng korporasyon bilang isa sa mga *stockholders* nito. Kung hindi, sa mata ng korporasyon, hindi ka nito *stockholder* at wala kang karapatang tumanggap ng *dividend* mula rito.

Batay sa inyong kuwento, kayo ay *stockholder of record* ng nabanggit na korporasyon noong 1973 dahil binigyan kayo ng *dividend* noong mga panahong iyon. Ngunit hindi na tayo nakasisiguro kung kayo ay kinikilala pa ng kompanya bilang *stockholder of record,* lalu pa't nagkaroon kayo ng problema tungkol sa pag-*surrender* ng inyong Stock Certificate. Sa katunayan nga ay hindi na kayo binigyan pa ng *dividend* simula noon.

Bunsod nito, nararapat ninyong buksan at siyasatin ang *Stock and Transfer Book* ng Aras-Asan Timber Company, Inc. upang malaman kung kayo ay nakatala pa doon bilang *stockholder.*

(31)

Kung hindi na kayo nakalista sa *Stock and Transfer Book* bilang *stockholder* ngunit may pinanghahawakan kayong dokumento o ebidensya ng karapatan, dapat inyo nang idulog sa korte ang problema. Sa kabilang banda, kapag ang pangalan ninyo ay nandoon pa sa *Stock and Transfer Book,* kayo ay pwede pang tumanggap ng *dividend.*

Pero dapat po nating tandaan na hindi dahil ang isang tao ay isang *stockholder of record* ay *automatic* na siyang makakatanggap ng *dividend.* Ito ay sa dahilang kailangan munang magdeklara ng *dividend* ang Board of Directors ng isang korporasyon.

Ayon sa Seksyon 43 ng Batas Pambansa Blg. 68 o ang ating *Corporation Code,* nakasalalay sa desisyon at diskresyon ng Board of Directors ang pagdeklara ng *dividend* na maaari lamang gawin kung may sapat na kita ang korporasyon o ang tinatawag na *unrestricted retained earnings.* Samakatwid, ang deklarasyon ng *dividend* ay posibleng hindi taon-taun magawa.

Ngunit isinasaad din sa naturang Seksyon 43 na kapag ang kita ng isang korporasyon ay lumagpas ng higit sa isang daang porsiyento ng *paid-up capital* nito, nararapat magdeklara ng *dividend* ang Board of Directors. Kung hindi, pwede ninyong ireklamo dito sa SEC ang korporasyon para sa pagpapataw ng karampatang parusa o multa.

Nawa'y natugunan namin ang inyong tanung.

Gumagalang,

VERNETTE G. UMALI-PACO
General Counsel

APR 18 2008

SENDER :
ADDRESS : Office of the General Counsel, Securities and Exchange Commission
9/F SEC Building, EDSA Greenhills, Mandaluyong City
CASE NO. :
DOCUMENT : SEC-OGC OPINION No. 08-10
ADDRESSEE : VETTER DATED 3-27-08
RECEIVED BY / ~~DATE~~ : MR. RAMIREZ
4/18/2008

APR 2008